Republic of the Philippines

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM

MALIKHAING PAGSULAT

Baitang 11/12

Deskripsiyon ng Kurso:
Nakatuon ang kurso sa pag-aaral at pagsasanay sa malikhaing pagsulat ng tula at maikling kuwento gamit ang wikang Filipino at/o iba pang wika sa Pilipinas. Nakapaloob sa kurso ang mahahalagang yugto sa pagkatha—mula sa paglinang sa mga bukal ng idea't inspirasyon at pagsusulat ng unang borador hanggang sa pagsasagawa ng palihan at rebisyon.

Elective: Akademiko
Paunang Kailangang Asignatura: Wala
Itinalagang Oras: Apat (4) na oras bawat linggo; kabuoang 80 oras sa loob ng isang seméstre

UNANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kaalaman at pag-unawa sa iba't ibang bukal ng idea't inspirasyon sa pagkatha, gayundin ang batayang kaalaman sa iba't ibang pangunahing anyo ng malikhaing pagsulat tulad ng tula at maikling kuwento at sa mga elemento ng mga ito.
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakasusulat ng unang borador ng piniling malikhaing proyekto – maaaring koleksiyon ng pitong tula o isang maikling kuwentong hindi bababa sa 10 pahina.

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Natutukoy ang mahahalagang detalye sa paligid sa pamamagitan ng pagmamasid 2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng mga pandama sa paglalarawan 3. Nagagamit ang limang pandama sa masining na paglalarawan ng paligid 4. Nakabubuo ng mga imahen gamit ang pagwawangis at pagtutulad	I. Mga Paghahanda sa Pagsulat A. Pagsasanay sa Paglalarawan 1. Pagmamasid sa Paligid 2. Paggamit ng Limang Pandama 3. Eksperimentasyon sa Imahen/ Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad
5. Natutukoy ang simula, gitna, at wakas ng mga naratibo 6. Nakabubuo ng naratibong may tatlong-pangungusap na may malinaw na simula, gitna, at wakas	B. Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (*Narrative Jokes*) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo

	2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)
7. Nagagamit ang mga pamilyar na salaysay sa paghubog ng mga bagong tauhan	C. Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan 1. Pagbibigay ng Modernong Katangian sa Tauhan mula sa mga Mito at/o Alamat 2. Paglalaro/ Pagpapalit ng mga Tauhan 2.1. Bida at Kontrabida 2.2. Bagay o Hayop Bilang Tauhan
8. Natutukoy ang iba't ibang uri ng sukat at tugma 9. Nakabubuo ng modernong bugtong at/o salawikain na may wastong sukat at tugma	D. Pagsasanay sa Pagbuo ng Taludtod 1. Paggamit ng Sukat at Tugma 1.1. Sukat (gaya ng pipituhin at wawaluhin) 1.2. Tugmang Malakas, Mahina, May Impit at Walang Impit 2. Pagsasanay sa mga Bukal ng Pagtula 2.1. Bugtong 2.2. Salawikain
10. Natutukoy ang persona o tinig sa tula 11. Naipaliliwanag ang pagkakaiba-iba ng mga himig sa tula 12. Nakabubuo ng mga tulang nasa anyong tradisyonal, moderno, at postmoderno	II. Pagsulat ng Tula A. Pagsasanay sa mga Anyong Tradisyonal 1. Tanaga 2. Dalit 3. Awit B. Pagsasanay sa mga Anyong Moderno 1. Malayang Taludturan 2. Tulang Naratibo C. Pagsasanay sa mga Elemento ng Tula 1. Persona o Tinig 2. Himig 2.1. Nangangaral 2.2. Naglilimi 2.3. Nanghihimok 2.4. Naglalarawan 2.5. Nagpapatawa 2.6. Nang-uuyam D. Pagsasanay sa mga Anyong Postmoderno

	1. *Concrete Poetry* 2. *Spine Poem* 3. *Erasure Poetry*
13. Naipaliliwanag ang pagkakaiba-iba ng mga popular na genre sa maikling kuwento 14. Naipaliliwanag ang pagkakaiba-iba ng mga tunggalian 15. Nagagamit ang angkop na punto de bista para sa binubuong kuwento 16. Nakapagbabalangkas ng banghay para sa binubuong maikling kuwento 17. Nakabubuo ng mga tauhan, tagpuan, at tunggalian para sa maikling kuwento	III. Pagsulat ng Maikling Kuwento A. Pagbubuo ng mga Tauhan 1. Protagonista/Bida 2. Antagonista/Kontrabida 3. Iba Pang Tauhan B. Pagpapasya sa Tagpuan 1. Panahon 2. Lunan / Lugar C. Paghubog ng Tunggalian 1. Tao Laban sa Sarili 2. Tao Laban sa Ibang Tao 3. Tao Laban sa Lipunan 4. Tao Laban sa Kalikasan 5. Tao Laban sa Tadhana 6. Tao Laban sa Teknolohiya D. Pagbabalangkas ng Banghay 1. Eksposisyon / Panimula 2. Introduksiyon ng Tunggalian 3. Kaigtingan ng mga Pangyayari 4. Kasukdulan ng mga Pangyayari 5. Kakalasan ng mga Pangyayari 6. Resolusyon / Wakas E. Pagpapasya sa Punto de Bista 1. Unang Panauhan 2. Ikalawang Panauhan 3. Ikatlong Panauhan 3.1. *Omniscient* / Masaklaw na Pananaw 3.2. Limitadong Pananaw F. Eksperimentasyon sa mga Popular na Genre (hal., *Fantasy*, *Horror*, *Sci-Fi*, *Detective Fiction*, *Romance*)

18. Nakapagsusulat ng unang borador ng alinman sa koleksiyon ng tula o isang maikling kuwento.	**Pinal na Awtput:** Unang borador ng alinman sa koleksiyon ng pitong tula na gumagamit ng iba't ibang anyo o isang maikling kuwentong nasa anyo ng isang popular na genre na hindi bababa sa sampung pahina ang haba.

IKALAWANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kaalaman at pag-unawa sa proseso ng palihan at sa pagsasaalang-alang sa rebisyon ng isang malikhaing proyekto.
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakapagsasagawa ng palihan nang may pagsasaalang-alang sa mga puna at mungkahi tungo sa rebisyon ng isang malikhaing proyekto.

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
19. Naipaliliwanag ang halaga at mga katangian ng isang palihan	I. Paghahanda sa Palihan A. Halaga ng Palihan 1. Paghubog sa Pagiging Mapanuri 2. Pagpapahalaga sa Rebisyon 3. Pagkakaroon ng Pananagutan 4. Paghahanda sa Paglalathala 5. Pagbubuo ng Komunidad B. Mga Katangian ng Palihan 1. Inter-aktibo (Hindi Pasibo) 2. *Peer-Driven* (Hindi Pinangingibabawan ng Guro) 3. Nakatuon sa Proseso (Hindi sa Akda) 4. Bukas sa Eksperimentasyon (Sa Halip na Preskripsiyon) 5. Pagkilala sa Indibidwal na Tinig (Hindi Iisang Paraan o Anyo Lang ang Mayroon)
20. Nasusuri ang mga puna at mungkahi na makatutulong sa rebisyon ng mga akda 21. Naibibigay ang makakabuluhang tanong at paglilinaw kaugnay ng akda	II. Pagsasagawa ng Paglihan C. Pagbabasa ng mga Unang Borador 1. Matalik na Pagbasa 2. Anotasyon 3. Muling Pagbasa

	D. Pagbibigay ng Papuri at Puna sa mga Akda 1. Sa Usapin ng Anyo 2. Sa Usapin ng Nilalaman 3. Sa Usapin ng Tema 4. Organikong Kaisahan E. Pagtatanong at Paglilinaw 1. Tungkol sa Kabuuang Proyekto 2. Tungkol sa mga Detalye F. Pagbibigay ng mga Mungkahi sa Rebisyon 1. Malakihang (Major) Rebisyon 2. Kaunting (Minor) Rebisyon 3. Rekomendasyong Gawain o Babasahin na Makatutulong sa Isinusulat
22. Natutukoy ang magkakatulad o magkakaugnay na puna at/o mungkahi mula sa palihan 23. Nasusuri ang mga puna at mungkahi mula sa palihan ayon sa iba't ibang uri ng usapin 24. Nailalapat ang mga naisaayos na puna at mungkahi sa rebisyon ng unang borador	IV. Pagsasagawa ng Rebisyon A. Pagpoproseso ng mga Puna at Mungkahi mula sa Palihan 1. Pagsasama-sama ng Magkakatulad o Magkakaugnay na mga Puna at/o Mungkahi 2. Pag-uuri ng mga Puna at/o Mungkahi Ayon sa: 2.1.Malawakang Usapin: Tema, Estruktura, Daloy 2.2.Usapin ng Detalye o Elemento 2.3.Usapin ng Himig 2.4.Usapin sa Paggamit ng Wika 2.5.Iba Pang Usapin B. Pagsusulat ng Pinal na Borador 1. Magrebisa ayon sa naisaayos na mga puna at mungkahi 2. Magkaltas pa ng mga bahagi at/o salitang hindi kailangan 3. Tiyaking malinaw ang daloy mula simula hanggang wakas
25. Nakasusulat ng pinal na bersiyon ng malikhaing akda	**Pinal na Awtput:** Pinal na bersiyon ng alinman sa koleksiyon ng pitong tula na gumagamit ng iba't ibang anyo, o isang maikling kuwentong nasa anyo ng isang popular na genre na hindi bababa sa sampung pahina ang haba. Mahalagang malinaw sa pinal na bersiyon ang naging pagbabago mula sa unang borador bunga ng mga puna at mungkahi sa palihan.

GLOSARYO

Anotasyon. Maikling paliwanag, pagsusuri, o puna hinggil sa isang akda, kadalasang isinulat bilang reaksyon sa nilalaman nito.

Banghay. Estruktura ng mga pangyayari sa loob ng isang naratibo na kinabibilangan ng simula, gitna, at wakas.

Borador. Paunang sulatin o draft ng isang akda na maaaring baguhin o rebisahin.

Estruktura. Paraan ng pagkakaayos o pagkakabuo ng isang akdang pampanitikan.

Himig. Damdamin o tono ng tula o akda (hal. naglalarawan, nang-uuyam, nagpapatawa).

Imahen. Larawang nabubuo sa isipan ng mambabasa sa tulong ng masining na paglalarawan gamit ang wika.

Kaigtingan. Bahagi ng banghay kung saan tumitindi ang mga pangyayari o tunggalian.

Kakalasan. Bahaging nagsasaad ng unti-unting pagbaba ng tensyon matapos ang kasukdulan.

Malakihang Rebisyon. Pagbabagong isinasagawa sa mas malawak na bahagi ng akda gaya ng tema, istruktura, at organisasyon.

Masining na Paglalarawan. Teknik sa pagsulat kung saan ginagamit ang imahinasyon at malikhaing wika upang mailarawan ang isang bagay, damdamin, o karanasan.

Panauhan. Perspektibo o pananaw sa pagsasalaysay ng isang kuwento (hal. unang panauhan, ikatlong panauhan).

Palihan. Pagtitipon kung saan binabasa at pinapuna ang mga akda upang mapabuti ang mga ito.

Paningin (Punto de Bista). Perspektibong ginagamit ng may-akda sa pagsasalaysay ng kuwento.

Persona. Tinig o nagsasalita sa loob ng isang tula; maaaring iba sa totoong may-akda.

Simula, Gitna, Wakas. Tatlong bahagi ng banghay o estruktura ng isang naratibo.

Spine Poem. Anyong postmodernong tula na binubuo gamit ang pamagat ng mga aklat o salita mula sa gilid ng mga aklat.

Tema. Pangunahing idea o mensahe ng isang akda.

BATAYANG SANGGUNIAN SA MALIKHAING PAGSULAT

Mga Banyagang Sanggunian

1. *The Elements of Style* ni William Strunk Jr. at E.B. White
2. *On Writing: A Memoir of the Craft* ni Stephen King
3. *Bird by Bird: Some Instructions on Writing and Life* ni Anne Lamott
4. *Writing Fiction: A Guide to Narrative Craft* ni Janet Burroway
5. *The Creative Writing Coursebook: Forty Writers Share Advice and Exercises for Fiction and Poetry* na inedit ni Julie Suk

Mga Lokal na Sanggunian

1. *Mga Teknik sa Malikhaing Pagsulat* ni Santiago M. Alvarez
2. *Pagsulat sa Filipino sa Piling Larangan: Malikhaing Pagsulat* ni Virgilio S. Almario at E. San Juan Jr.
3. *Malikhaing Pagsulat: Gabay sa Pagsusulat ng Maikling Kwento, Nobela, at Tula* ni Rogelio L. Ordoñez
4. *Pagsulat ng Malikhaing Akda* ni Linda R. Lonzaga
5. *Filipino sa Piling Larangan: Malikhaing Pagsulat* na inihanda ng mga guro mula sa UP College of Arts and Letters